Republic of the Philippines
Department of Education
REGION XI
SCHOOLS DIVISION OF DAVAO DEL NORTE

**Tanggapan ng Tagapamanihala ng mga Paaralan**

Hulyo 06, 2023

**MEMORANDUM PANSANGAY**
**CID-2023-0598**

Para: Rebecca C. Sagot, CESO VI – Kawaksing Tagapamanihala ng mga Paaralan
Ramel M. Pilo, CESE-Punong Tagamasid ng SGOD
Eduard C. Amoguis, EdD – Punong Tagamasid Pansangay
Rosalinda N. Dionio-Pinuno ng Seksyong Pantauhan
Exelsis Deo A. Deloy, PhD-Tagamasid Pansangay-Filipino Kurikulum
Mga Tagamasid Pansangay at Pandistrito ng mga Pampublikong Paaralan
Mga Pinuno at Mga Kawani ng Bawat Tanggapan

Paksa: **PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2023 NG MGA KAWANI NG BAWAT TANGGAPAN SA SANGAY NG DAVAO DEL NORTE**

Petsa: Hulyo 06, 2023

1. Bilang pakikiisa sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2023 sa boong buwang ng Agosto na may temang, ***"Filipino at mga Katutubong Wika: Wika ng Kapayapaan, Seguridad, at Ingklusibong Pagpapatupad ng Katarungang Panlipunan"***, ang Tanggapang ito ay magkakaroon ng mga aktibidad at presentasyon mula sa iba't ibang tanggapan ng ating sangay:

2. Narito ang mga petsa tuwing lunes at gawain ng mga kawani sa bawat tanggapan para sa isang buwang pagdiriwang; ang mga presentasyong ito ay itatanghal pagkatapos agad ng *Monday convocation* na karaniwan ng ginaganap tuwing lunes ng bawat linggo:

| Petsa | Presentasyon | Tanggapan na Magtatanghal |
|---|---|---|
| Agosto 7, 2023 | -Pagsasalaysay ng Kahalagan ng Pagdiriwang ng Buwang ng Wikang Pambansa at Kahalagan ng Batas Republika 11106-A*ng Filipino Sign Language Act*<br>-Pagtuturo ng mga simpleng ekspresyon o mga salitang pagbati sa *Filipino Sign Language*<br>-Tagalog Kundiman *(Duet) Medley* | CID |
| Agosto 14, 2023 | -Makabayan *Song Medley (Choral)* | SGOD |
| Agosto 21, 2024 | -Tagalog *Ballad Love Song (Duet)* | Budget, Accounting, & COA |
| Agosto 28, 2023 | -Tinikling *Dance Presentation*<br>-Tinikling *Dance Challenge* | Personnel (Personnel Office Records, Supply, ICT, at General Offices) |

3. Hinihikayat na makilahok sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2023 ang mga kawani sa loob ng taggapang pansangay. Hinihikayat din ang pagsusuot ng barong, baro at saya, *Filipiniana, Terno,* o angkop na mga katutubong kasuotan tuwing lunes ng bawat linggo sa buong buwan ng Agosto.



Address: **Mankilam, Tagum City, Davao del Norte**
Telephone Number: **(084) 216 0188**
Website: **www.depeddavnor.ph** | Facebook: **DepEd Davao del Norte**

4. Ang mga presentasyon o pagtatanghal sa mga araw ng Agosto 07, 14, at 21, 2023 ay gaganapin sa *Division Conference Room*, at ang pagtatanghal ng Tinikling sa Agosto 28, 2023 ay gagawin sa first or ground floor.

5. Hinihikayat din ang lahat ng kawani ng Sangay na gamiting ang wikang Filipino sa pakikipag-usap o pakikipagtalastasan sa buong buwan ng Agosto ng kasalukuyang taon.

6. Sa karagdadagan, inaanyayahan din si Bb. Lorilie L. Galo, SPET-III, Carmen CES-SC, na dumalo sa Agosto 7, 2023 upang ituro ang mga simpleng ekspresyon o mga salitang pagbati sa *Filipino Sign Language* sa mga kawani ng Sangay.

7. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap at suporta sa Memorandum na ito.

DEPED DAVAO DEL NORTE
RECORDS SECTION
RELEASED
DATE 7-10-23
BY

**REYNALDO B. MELLORIDA, CESO V**
Tagapamanihala ng mga Paaralan

CID/edad



Address: **Mankilam, Tagum City, Davao del Norte**
Telephone Number: **(084) 216-6742** | Telefax **(084) 216-6506**
Website: **www.depeddavnor.ph** | Facebook: **DepEd Davao del Norte**